# "ANG INYONG MGA KARAPATAN"

ANG INYONG MGA KARAPATAN KNOX-KEENE
SA ILALIM NG PINAMAMAHALAANG PANGANGALAGA PARA SA NGIPIN

Kung hindi pa rin kayo sumasang-ayon sa pasyang ito, maaari kayong:

- Humingi ng "Independiyenteng Medikal na Pagsusuri" at susuriin ng isang tagalabas na tagasuri na hindi nauugnay sa plano para sa ngipin ang inyong kaso
- Humiling ng "Pagdinig ng Estado" at susuriin ng hukom ang inyong kaso.

Maaari kayong sabay na humiling ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri at Pagdinig ng Estado. Maaari din ninyong unahing hilingin ang isa bago ang isa pa upang malaman kung malulutas na nito ang inyong problema. Halimbawa, kung humiling muna kayo ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri ngunit hindi kayo sumasang-ayon sa pasya, magagawa pa rin ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado sa ibang pagkakataon. Gayunpaman, kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi na ninyo magagawang humiling ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri. Sa kasong ito, sa Pagdinig ng Estado ang panghuling pasya.

Wala kayong kailangang bayaran para sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri o Pagdinig ng Estado.

## INDEPENDIYENTENG MEDIKAL NA PAGSUSURI (INDEPENDENT MEDICAL REVIEW, IMR)

Kung gusto ninyo ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri, dapat ninyo itong hilingin sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng sulat na ito na Abiso Tungkol sa Resolusyon sa Apela. Nagbibigay sa inyo ang talata sa ibaba ng impormasyon tungkol sa paano humiling ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri.[1] Tandaan na ang terminong "karaingan" ay tumutukoy sa "mga reklamo" at "mga apela."

"Responsibilidad ng Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care) na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong plano para sa ngipin, dapat niyo munang tawagan ang inyong plano para sa ngipin sa **1-844-233-4522, TTY: 1-800-466-7566** at gamitin ang proseso ng karaingan ng inyong plano para sa ngipin bago makipag-ugnayan sa Departamento. Hindi makakahadlang ang paggamit sa pamamaraan ng karaingan na ito sa anumang potensyal na legal na karapatan o solusyon na maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingang nauugnay sa emergency, karaingang hindi pa kasiya-siyang nalulutas ng inyong plano para sa ngipin, o karaingang hindi pa rin nalulutas sa loob ng mahigit sa 30 araw, maaari kayong tumawag sa departamento para sa tulong. Maaari rin kayong maging kwalipikado para sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR).

[1] Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code, HSC) Seksyon 1368.02(b). Mahahanap ang HSC sa: https://leginfo.legislature.ca.gov/faces/codesTOCSelected.xhtml

Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magsasagawa ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pasya na ginawa ng isang plano para sa ngipin na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya ukol sa pagsaklaw para sa mga paggamot na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lamang, at mga hindi pagkakaunawaan tungkol sa pagbabayad ng mga medikal na serbisyong pang-emergency o kinakailangan kaagad. Mayroon ding toll-free na numero ng telepono ang departamento **(1-888-466-2219)** at linya ng TDD **(1-877-688-9891)** para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Website ng Departamento (**www.dmhc.ca.gov**)ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at mga tagubilin online."

---

PAGDINIG NG ESTADO

Kung gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado, dapat ninyo itong hilingin nang hindi lalampas sa 120 araw mula sa petsa ng sulat na ito na Abiso Tungkol sa Resolusyon sa Apela. Gayunpaman, kung ang inyong planong pangkalusugan ay patuloy na nagbibigay sa inyo ng (mga) pinagtatalunang serbisyo (Aid Paid Pending) sa panahon ng proseso ng apela ng planong pangkalusugan at gusto ninyong magpatuloy ang (mga) serbisyo hanggang magkaroon ng pasya sa inyong Pagdinig ng Estado, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw pagkalipas ng petsa sa sulat na ito na Abiso Tungkol sa Resolusyon sa Apela. Bagama't dapat kayong bigyan ng inyong plano para sa ngipin ng Aid Paid Pending kapag humiling kayo ng Pagdinig ng Estado sa ganitong paraan, dapat ninyong ipaalam sa inyong plano para sa ngipin na gusto ninyong makakuha ng Aid Paid Pending hanggang sa mapagpasyahan ang inyong Pagdinig ng Estado. Dapat kayong makipag-ugnayan sa Health Net Dental sa pagitan ng 8 am at 5 pm Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-844-233-4522. Kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY/TDD: 1-800-466-7566.

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga sumusunod na paraan:

- Online sa www.cdss.ca.gov
- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 1-800-743-8525. Maaaring maging napakaabala ng numerong ito. Maaari kayong masabihang tumawag muli sa ibang pagkakataon. Kung hindi kayo nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY/TDD sa 1-800-952-8349.
- Sa pamamagitan ng sulat: Punan ang form ng Pagdinig ng Estado o magpadala ng sulat. Ipadala ito sa pamamagitan ng koreo o fax sa:

Koreo: California Department of Social
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Fax: (916) 309-3487 o toll-free sa 1-833-281-0903

Kalakip sa liham na ito ang form para sa Pagdinig ng Estado. Tiyaking ilalagay ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, Social Security Number, at dahilan kung bakit ninyo gusto ng Pagdinig ng Estado. Kung may tumutulong sa inyong humiling ng Pagdinig ng Estado, idagdag ang kanyang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o sulat. Kung kailangan ninyo ng interpreter, sabihin sa Dibisyon ng Pagdinig ng Estado kung anong wika ang inyong sinasalita. Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa interpreter. Ikukuha kayo ng interpreter ng Dibisyon ng Pagdinig ng Estado. Kung mayroon kayong kapansanan, maaari kayong ikuha ng Dibisyon ng Pagdinig ng Estado ng mga espesyal na tulong nang libre para matulungan kayong lumahok sa pagdinig. Mangyaring magsama ng impormasyon tungkol sa inyong kapansanan at ang tulong na kailangan ninyo.

Pagkatapos ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaaring abutin nang hanggang 90 araw upang pagpasyahan ang inyong kaso at magpadala sa inyo ng sagot. Kung sa tingin ninyo ay makakasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw. Hilingin sa inyong dentista o plano para sa ngipin na magsulat ng liham para sa inyo. Dapat ay detalyadong maipaliwanag sa sulat kung paano lubhang makakapinsala sa inyong kalusugan o sa function ng ngipin ang paghihintay pa nang hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ang inyong kaso. Pagkatapos ay tiyaking humiling kayo ng Pinabilis na Pagdinig at ibigay ang sulat kasama ng inyong kahilingan para sa isang pagdinig.

Maaaring kayo mismo ang magsalita sa Pagdinig ng Estado. Maaaring mayroon kayong isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, dentista, dentista, o abogado na magsasalita para sa inyo. Kung gusto ninyong ibang tao ang magsalita para sa inyo, dapat ninyong sabihin sa Dibisyon ng Pagdinig ng Estado na ang taong ito ay pinahihintulutang magsalita para sa inyo. Ang tawag sa taong ito ay Awtorisadong Kinatawan.

## LEGAL NA TULONG

Maaari kayong makakuha ng libreng legal na tulong. Tawagan ang hotline ng Center for Health Care Rights sa 1-800-824-0780. Maaari din ninyong tawagan ang lokal na Legal Aid Society sa inyong county sa 1-888-804-3536.